

**PANG-APAT NG TUNTUNIN
LUNGSOD NG SOUTH GATE
PATAKARAN SA PAGPUTOL NG
RESIDENSIYAL NA SERBISYONG TUBIG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD**

Sa kabilan ng anumang ibang patakaran o tuntunin ng Lungsod ng South Gate (Lungsod), ang Patakarang ito sa Pagputol ng Residensiyal na Serbisyong Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad ay ilalapat sa pagputol ng Lungsod ng residensiyal na serbisyong tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga probisyong tinakda dito. Kung may anumang salungatan sa pagitan ng Patakarang ito at anumang iba pang patakaran o patakaran ng Lungsod, ang Patakarang ito ay mangingibabaw.

I. Aplikasyon ng Patakarang; Numero ng Telepono sa Pakikipag-ugnay: Ang patakarang ito ay ilalapat sa lahat ng mga account ng serbisyong tubig. Maaabot ang Lungsod sa (323) 563-9586 para sa tulong patungkol sa pagbabayad ng mga singil sa tubig at potensiyal na pagtataguyod ng mga alternatibong tinakda sa patakarang ito para maiwasan ang pagputol ng serbisyo.

II. Pagputol ng Residensiyal na Serbisyong Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad:

A. Pagbibigay at Pagbabayad ng Mga Singil: Ang mga singil sa serbisyong tubig ay ibibigay sa bawat kostumer sa buwanang batayan maliban kung iba ang nilaan sa mga iskedyul ng rate ng Lungsod. Ang mga singil para sa serbisyo at nakatakda at babayaran sa petsang nakatakda ng singil at magiging overdue at sasailalim sa pagputol ng serbisyo kung hindi nabayaran sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng singil. Ang bayad ay maaaring gawin sa opisina ng Dibisyon ng Serbisyo para sa Kostumer ng Tubig ng Lungsod, sa drop box na nasa City Hall, o sa website ng Lungsod. Subalit, responsibilidad ng kostumer na masiguro na ang mga bayad ay matanggap sa tanggapan ng Lungsod sa napapanahong paraan. Ang mga bahagyang bayad ay hindi awtorisado maliban kung ang paunang pag-apruba ay natanggap mula sa Lungsod. Kakalkulahin ang mga singil ayon sa sumusunod:

1. Babasahin ang mga metro sa mga regular na pagitan sa paghahanda ng mga pana-panahong singil at ayon sa inaatas para sa paghahanda ng mga singil sa pagbukas, singil sa pagsasara, at mga espesyal na singil.
2. Ang mga singil sa mga nakametrong serbisyo ay magpapakita sa pagbasa ng metro para sa kasalukuyan at nakaraang panahon ng pagbasa ng metro para kung saan ang singil ay binigay at ang dami ng yunit ng serbisyo para sa kasalukuyang pagbabasa ng metro.
3. Ang mga singil ng Lungsod ay babayaran gamit ang legal na pambayad ng Estados Unidos. Sa kabilan ng nauna, ang Lungsod ay may karapatang tanggihan ang anumang bayad ng mga nasabing singil gamit ang barya.

B. Mga Overdue na Singil: Ang mga sumusunod na patakaran ay ilalapat sa mga kostumer na ang mga singil ay nananatiling hindi bayad ng mahigit sa animnapung (60) araw ng kalendaryo kasunod ang petsa ng invoice:

1. Mga Account na Maliit ang Balanse: Kung ang balanse ay \$20.00 o mas mababa at nananariling hindi bayad sa anumang singil, ipapasa ito at idaragdag sa susunod na panahon ng pagsingil.
2. Overdue na Abiso: Kung ang bayad sa singil ay naituring na hindi ginawa bago ang ika-apat na pu't limang (ika-45) na araw sa kalendaryo kasunod ng petsa ng invoice, ang abiso ng overdue na bayad (ang "Overdue na Abiso") ay ipadadala sa koreo sa kostumer ng serbisyong tubig ng hindi bababa sa pitong (7) araw ng kalendaryo bago ang posibleng petsa ng pagputol sa serbisyo na natukoy sa Overdue na Abiso. Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng pag-aari kung saan ang serbisyo ay nilaan, ang Abiso sa pagiging Overdue ay dapat ipadala din sa address ng pag-aari na sinerbisyuhan, naka-address sa "Occupant." Ang Overdue na Abiso ay dapat maglaman ng sumusunod:
 - a) Pangalan at address ng kostumer;
 - b) Halaga ng pagiging delinkuwente;
 - c) Ang petsa kung kailan ang bayad o pag-aayos sa bayad ay dapat gawin upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
 - d) Paglalarawan ng proseso para mag-apply sa ekstensiyon ng oras para bayaran ang utang na halaga (tingnan ang Seksiyon III (D), sa ibaba);
 - e) Paglalarawan ng pamamaraang ipetisyon ang pagrepaso at apela ng singil na magdudulot ng pagiging delinkuwente (tingnan ang Seksiyon IV, sa ibaba); at
 - f) Paglalarawan ng pamamaraan kung saan puwedeng humiling ang kostumer ng deferred, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad (tingnan ang Seksiyon III, sa ibaba).

Maaaring alternatibong maglaan ng abiso ang Lungsod sa kostumer ng napipintong pagputol ng serbisyo gamit ang telepono. Kung ang abiso ay nilaan sa pamamagitan ng telepono, ihahandog ng Lungsod bigyan ang kostumer ng kopya ng patakarang ito at ihandog ding talakayin sa kostumer ang mga opsyon sa alternatibong pagbabayad, ayon sa nakasalarawan sa Seksiyon III sa ibaba, at mga pamamaraan sa pagrepaso at apela ng singil ng kostumer, ayon sa nakasalarawan sa Seksiyon IV sa ibaba.

3. Hindi Makontak ang Kostumer: Kung hindi makontak ng Lungsod ang kostumer sa pamamagitan ng nakasulat na abiso (hal. isinauli ang pinadalang abiso sa koreo bilang hindi maihatid) o sa telepono, ang Lungsod ay gagawa ng mabuting layuning pagsusumikap na bisitahin ang tirahan at mag-iwan, o gumawa ng mga ibang kasunduan na ilagay sa

mapapansing lokasyon, ang abiso ng napipintong pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad at isang kopya ng Patakarang ito.

4. Singil sa Pagkaantala: Ang Singil sa Pagkaantala, ayon sa natukoy sa mga bayarin at singil ng Lungsod, ay tatasahin at idaragdag sa umiiral na balanse sa account ng kostumer kung ang utang na halaga sa account na iyon ay hindi nabayaran bago magawa ang Overdue na abiso.
 5. Deadline sa Pagputol: Ang bayad sa mga singil sa serbisyong tubig ay dapat matanggap sa mga opisina ng Lungsod nang hindi lalagpas sa 5:30 p.m. sa petsang nakatukoy sa Overdue na Abiso. Hindi tinatanggap ang mga postmark.
 6. Abiso sa Tumalbog na Tseke: Sa pagtanggap ng tumalbog na tseke na tinuring na pagpapadala para sa serbisyong tubig o ibang mga singil, ituturing na hindi bayad ng Lungsod ang account. Magtatangka ang Lungsod na abisuhan ang kostumer nang personal at mag-iwan ng abiso ng pagputol ng serbisyong tubig sa lugar. Ang serbisyong tubig ay puputulin kung ang halaga ng sinauling tseke at singil sa sinauling tseke ay hindi nabayaran sa petsang nakatakda sa abiso, na ang petsang nakatakda ay hindi mauuna sa petsang nakatukoy sa Abiso sa Hindi Sapat na Tseke; o kung ang Abiso sa Hindi Sapat na Tseke ay hindi dating nilaan, nang hindi mauuna sa ika-animnapung (ika-60) na araw sa kalendaryo matapos ang singil sa alinmang bayad ng sinaulong tseke ay ginawa. Para maipalit ang tumalbog na tseke at bayaran ang singil sa tumalbog na tseke, lahat ng mga utang na halaga ay dapat bayaran ng cash, credit card o debit card o cashier’s check.
 7. Sinauling Tseke na Binigay na Pambayad ng Serbisyong Tubig na Pinutol dahil sa Hindi Pagbabayad: **KAPAG ANG SERBISYO AY PINUTOL DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD, DAPAT ITONG BAYARAN NG CASH, CREDIT O DEBIT CARD, O CASHIER’S CHECK LANG.**
 - a) Kung anumang oras, ang account ng kostumer ay muling naputol dahil sa hindi pagbabayad, maaaring atasan ng Lungsod ang kostumer na bayaran gamit ang cash, credit o debit card o cashier’s check para maibalik ang serbisyong tubig.
- C. Mga Kundisyon na Nagbabawal sa Pagputol: Hindi puputulin ng Lungsod ang residensiyal na serbisyong tubig kung lahat ng mga sumusunod na kundisyon ay natugunan:
1. Mga Pangkalusugang Kundisyon – Ang kostumer o umuupa sa kostumer ay magsusumite ng sertipikasyon ng tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga na ang pagputol ng serbisyong tubig ay: (i) banta sa buhay o (ii) magpipinto ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng taong nakatira sa pag-aari;

2. Kawalang ng Kakayahang Pinansiyal - Ipinakita ng kostumer na pinansiyal siyang hindi makakabayad ng serbisyong tubig sa loob ng normal na siklo sa pagsingil ng sistema ng tubig. Naituring ang kostumer na “pinansiyal na hindi makakabayad” kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay: (i) kasalukuyang tumatanggap sa mga sumusunod na benepisyo: Ang CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants Children; o (ii) dineklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na lebel ng kahirapan; at
 3. Mga Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad - Payag ang kostumer na pumasok sa iskedyul sa alternatibong pagbabayad na alinsunod sa mga probisyon ng Seksiyon III sa ibaba.
- D. Proseso sa Pagdetermina ng Mga Kundisyong Nagbabawal sa Pagputol ng Serbisyo: Nasa kostumer ang bigat ng pagpapatotoo sa pagsunod sa mga kundisyong nakasalarawan sa Seksiyon II (C), sa itaas. Upang pahintulutan ang Lungsod ng sapat na oras para iproseso ang anumang kahilingan sa tulong ng kostumer, hinihikayat ang kostumer na bigyan ang Lungsod ng kailangang dokumentasyon na nagpapakita sa mga medikal na isyu sa ilalim ng Seksiyon II (C)(1) o kawalang kakayahan pinansiyal sa ilalim ng Seksiyon II (C)(2) at kagustuhang pumasok sa anumang kasunduan sa alternatibong pagbabayad sa ilalim ng Seksiyon II (C)(3) nang kasing aga ng anumang panukalang petsa sa pagputol ng serbisyo hangga’t posible. Sa pagtanggap ng nasabing dokumentasyon, ang Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod o ang kanyang designado, ay magrerepaso sa dokumentasyong iyon at tutugon sa kostumer sa loon ng pitong (7) araw ng kalendaryo para humiling ng karagdagang impormasyon, kabilang ang impormasyong kaugnay ng posibilida ng mga magagamit na alternatibong kasunduan o para abisuhan ang kostumer ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad at mga tuntunin nito, sa ilalim ng Seksiyon III, sa ibaba, kung saan ang Lungsod ay magpapahintulot sa kostumer na lumahok. Kung humiling ang Lungsod ng karagdagang impormasyon, ibibigay ng kostumer ang hiniling na impormasyon sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng kahilingan ng Lungsod. Sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo ng pagtanggap nito ng karagdagang impormasyon, ang Lungsod ay aabiso sa kostumer sa pamamagitan ng sulat na hindi natutugunan ng kostumer ang mga kundisyon sa ilalim ng Seksiyon II (C), sa itaas oa abisuhan ang kostumer sa pamamagitan ng sulat ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad, at mga tuntunin nito, sa ilalim ng Seksiyon III, sa ibaba, kung saan pahihintulutan ng Lungsod ang kostumer na lumahok. Ang mga kostumer na hindi nakatugon sa mga kundisyong nakasalarawan sa Seksiyon II (C), sa itaas, ay dpaat magbayad ng delinkuwenteng halaga, kasama ang anumang mga multa at ibang singil, na utang sa Lungsod sa

loob ng nahuli sa: (i) limang (5) araw ng kalendaryo makalipas ang petsa ng abiso mula sa Lungsod sa determinasyon ng Lungsod na nabigo ang kostumer na matugunan ang mga kundisyong ito o (ii) ang petsa ng napipintong pagputol ng serbisyo, ayon sa nakatukoy sa Overdue na Absio.

- E. Mga Espesyal na Tuntunin sa Mga Kostumer na Mababa ang Kita: Ituturing ang mga kostumer na may kita ng sambahayan na mas mababa sa 200% ng federal poverty line kung: (i) ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kosutmer ay ang kasalukuyang tatanggao ng mga sumusunod na benepisyo: Ang CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants Children; o (ii) dineklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na lebel ng kahirapan. Kung maipakita ng kostumer ang alinman sa mga sirkumstansiyang ito, ang sumusunod ay ilalapat:
1. Mga Bayad sa Muling Pagkonekta: Kung hininto ang serbisyo at ikokonekta muli, ang anumang bayad sa muling pagkonekta sa normal na oras ng operasyon ng Lungsod ay \$36.77 ang mga bayad sa muling pagkonekta sa oras na walang operasyon ay \$150.00. Ang mga bayad na iyon ay hindi maaaring lumagpas sa aktuwal na gastos sa muling pagkonekta kung ang halagang iyon ay mas mababa sa mga cap ayon sa batas. Ang mga cap na iyon ay maaaring taunang ayuin para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index para sa Los Angeles-Long Beach-Anaheim na metropolitan na lugar simula sa Enero 1, 2021.
 2. Pagpapaubaya sa Interes: Hindi magpapatupad ang Lungsod ng anumang singil sa interes sa mga delinkuwenteng singil.
- F. Senaryo ng Kasera-Umuupa: Ang mga pamamaraan sa ibaba ay para sa mga indibiduwal na metrong hiwalay na isang-pamilyang tirahan, maramihang yunit na residensiyal na istraktura at mga mobile home park kung saan ang may-ari ng pag-aari o manager ay ang kostumer sa talaan at responsable sa pagbabayad ng singil sa tubig.

1. Inaatas na Abiso:

a. Kung ang pag-aari ay hiwalay na isang-pamilyang tirahan, maramihang yunit na residensiyal na istraktura, o mobile home park, hindi bababa sa 10 araw sa kalendaryo bago ang posibleng pagputol ng serbisyong tubig, dapat gumawa ang Lungsod ng mabuting layuning pagsusumikap na abisuhan ang mga umuupa/umookupa sa pag-aari sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na ang serbisyong tubig ay puputulin.

b. Ang nakasulat na abiso ay daat ding abisuhan ang mga umuupa/umookupa na may karapatan silang maging mga kostumer kung kanino sisingilin ang serbisyo (tingnan ang Seksiyon II (F)(2) sa ibaba), nang hindi kailangan bayaran ang alinman sa mga delinkuwenteng halaga.

Ang mga umuupa/umookupa ay kailangang magbayad ng \$204.28 na marerefund na deposito kapag nagpapatala sa serbisyo sa pangalan nila.

2. Mga Umuupa/Umookupa na Nagiging Mga Kostumer:

a. Ang Lungsod ay hindi kailangang gawing magagamit ang serbisyo ng mga umuupa/umookupa maliban kung ang umuupa/umookupa ay sumasang-ayon sa mga termino at kundisyon ng serbisyo at tinutupad ang mga iniaatas at mga tuntunin ng Lungsod.

b. Subalit, kung: (i) isa o mas marami pang mga umuupa/umookupa na umaako sa responsibilidad para sa mga kasunod na singil sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o (ii) may pisikal na paraan na piling ihinto ang serbisyo sa mga umuupa/umookupa na iyon na hindi nakatugon sa mga inaatas ng Lungsod, ang Lungsod ay maaaring gawing magagamit ang serbisyo lang ng mga umuupa/umookupa na nakatugon sa mga inaatas.

III. Mga Alternatibong Bayad na Kasunduan: Para sa sinumang kostumer na nakatutugon sa tatlong kundisyon sa ilalim ng Seksiyon II (C) sa itaas, ayon sa prosesong nakatakda sa Seksiyon II (D) sa itaas, maghahandog ang Lungsod sa kostumer ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad na pipiliin ng Lungsod sa diskresyon nito. Ang Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo, o ang designado niya, ay, sa pagsasagawa ng makatwirang diskresyon, pipili ng pinaka-angkop na kasunduan sa alternatibong pagbabayad matapos repasuhin ang impormasyon at dokumentasyong nilaan ng kostumer at pagsasaalang-alang sa pinansiyal na sitwasyon ng kostumer at pangangailangan sa bayad ng Distrito.

A. Alternatibong Iskedyul sa Pagbabayad: Ang sinumang kostumer na hindi makapagbayad ng serbisyong tubig sa loob ng karaniwang panahon ng pagbabayad ng Lungsod at natutugunan ang tatlong kundisyon sa ilalim ng Seksiyon II (C), sa itaas, ayon sa kukumpirmahin ng Lungsod, ay maaari, kung pinili ng Lungsod ang alternatibogn ito, papasok sa iskedyul ng alternatibong pagbabayad para sa hindi bayad na balanse ayon sa sumusunod:

1. Panahon ng Pagbabayad Muli: Babayaran ng kostumer ang hindi bayad na balanse sa panahong hindi lalagpas sa labing-dalawang (12) buwan, ayon sa nadetermina ng Direktor ng Mga Alternatibong Serbisyo ng Lungsod o ng kanyang designado; sa kundisyon, subalit, na ang Direktor ng Mga Alternatibong Serbisyo ng Lungsod o kanyang designado, sa kanilang makatwirang diskresyon, ay maaaring pahabain ang panahon ng pagbabayad muli nang mas matagal sa labing-dalawang (12) buwan para maiwasan ang hindi kailangang hirap sa kostumer.
2. Iskedyul: Matapos makipag-usap sa kostumer at pag-saalang-alang ng mga pinansiyal na limitasyon ng kostumer, ang Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod o ang kanyang designado ay bubuo ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na sasang-ayunan ng kostumer. Ang alternatibong iskedyul na iyon ay maaaring maglaan sa pana-panahong lump sum na bayad na hindi sabay sa nataguyod na petsa ng pagbabayad ng Lungsod, maaaring maglaan sa mga bayad na gawing mas madalas kaysa sa buwanan, o maaaring ilaan na ang mga bayad ay gawin nang mas madalang sa buwanan, sa kundisyon na sa lahat ng kaso, sasailalim sa Seksiyon III (A)(1), sa itaas, ang hindi bayad na balanse ay babayaran nang buo sa loob ng labing-dalawang (12) buwan ng pagtaguyod ng iskedyul sa pagbabayad. Ang pinagkasunduang iskedyul ay itatakda sa pamamagitan ng sulat at ibibigay sa kostumer.
3. Pagsunod sa Plano: Ang kostumer ay dapat sumunod sa pinagkasunduang iskedyul ng pagbabayad at manatiling nasa kasaluluyan dahil ang mga singil ay siningil sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Hindi maaaring humiling ang kostumer ng mas matagal na iskedyul ng pagbabayad para sa anumang kasunod na hindi bayad na mga singil habang nagbabayad ng mga delinkuwenteng singil alinsunod sa nakaraang pinagkasunduang iskedyul. Kung saan nabigo ang kostumer na sumunod sa mga tuntunin ng pinagkasunduang iskedyul sa animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa, o nabigong bayaran ang kasalukuyang singil sa serbisyo ng kostumer ng animnapunt (60) araw sa kalendaryo matapos magpaskil ang Lungsod sa tirahan ng kostumer ng panghuling abiso ng paglalayon nitong putulin ang serbisyo.

IV. Mga Apela: Ang pamamaraang ito ay ginagamit para iapela ang halagang nakatakda sa anumang singil para sa serbisyong tubig sa tirahan na ayon sa sumusunod:

- A. Unang Apela: Sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo mula matanggap ang singil para sa serbisyong tubig, may karapatan ang kostumer na magsimula ng pag-apela o repasuhin ang alinmang singil o bayaring isinama ng Lungsod. Ang nasabing kahilingan ay dapat gawin nang nakasulat at ihatid sa Disbisyon ng Serbisyong Tubig ng Kostumer ng Lungsod. Sa kundisyon na ang apela ng kostumer at anumang nagreresultang imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyong tubig ng kostumer.

- B. Apela sa Overdue na Abiso: Bilang karagdagan sa mga karapatan sa pag-apela na nilaan sa ilalim ng Seksiyon IV (A), sa itaas, ang sinumang kostumer na makatanggap ng Abiso sa Pagiging Delinkuwentente ay maaaring humiling ng apela o pagrepaso ng singil kung saan nauugnay ang Abiso sa Pagiging Delinkuwentente nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng kalendaryo makalipas ang petsa ng Abiso sa Pagiging Delinkuwentente kung sinabi ng kostumer na mali ang singil alinsunod sa dami ng kinonsumong tubig na itinakda sa singil na iyon; sa kundisyon na, subalit, na walang nasabing apela o mga karapatan sa pagrepaso ang ilalapat sa anumang singil kung saan ang apela o mga karapatan sa pagrepaso ay ilalapat sa anumang ssingil kung saan ang apela o kahilingan sa pagrepaso sa ilalim ng Seksiyon IV (A), sa itaas ay ginawa. Ang anumang apela o kahilingan sa pagrepaso sa ilalim ng Seksiyon IV (B) na ito ay kailangang nakasulat at dapat kasama ang dokumentasyong sumusuporta sa apela o sa dahilan sa pagrepaso. Ang kahilingan sa apela o pagrepaso ay dapat ihatid sa Dibisyon ng Serbisyo para sa Kostumer ng Tubig ng Lungsod sa loob ng pitong (7) araw sa kalendaryong panahon. Sa kundisyon na ang apela ng kostumer at anumang nagreresultang imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyon ng tubig ng kostumer.
- C. Apelang Pagdinig: Kasunod ang pagtanggap ng kahilingan sa apela o pagrepaso sa ilalim ng Seksiyon IV (A) o (B) sa itaas, ang petsa ng pagdinig ay agad itatakda ng Opisyal ng Pagdinig. Matapos ang pagsusuri ng katibayang nilaan ng kostumer at impormasyon sa file sa Lungsod patungkol sa mga singil sa tubig na tinatanong, ang Opisyal sa Pagdinig ay gagawa ng isang desisyon tungkol sa kawastuhan ng mga singil ng tubig na nakalagay sa singil at magbibigay sa umaapelang kostumer ng maikling nakasulat na buod ng pasya.
1. Kung nadeterminang mali ang mga singil sa tubig, magbibigay ang Lungsod ng adjustment sa account at ang mga binagong singil na maitatakda sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo ng pag-adjust para sa mga binagong singil. Kung ang mga binagong singil ay mananatiling hindi bayad nang mahigit sa animnapung (60) araw sa kalendaryo matapos ibigay ang adjustment, ang serbisyon ng tubig ay puputulin, sa susunod na araw ng trabaho matapos ang pagkapaso ng animnapung (60) araw sa kalendaryong panahon; sa kundisyon na ang Lungsod ay magbibigay sa kostumer ng Abiso sa Pagiging Delinkuwentente ayon sa Seksiyon II (B)(2) sa itaas. Ibabalik lang ang serbisyon ng tubig sa buong pagbabayad ng lahat ng umiiral na singil sa tubig, mga multa, at anuman at lahat ng angkop na singil sa muling pagkakabit.
 2. Kung ang mga singil sa tubig na tinatanong ay natukoy na tama, ang mga singil sa tubig ay nakatakda at babayaran sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo matapos ang pagpasya ng Opisyal ng Pagdinig. **Sa panahon na maibigay ang pagpasya ng Opisyal ng Pagdinig, aabisuhan ang kostumer ng karapatang higit pang mag-apela sa harap ng Direktor ng Administratibong Serbisyo ng Lungsod.** Ang anumang nasabing apela

ay dapat isumite sa pamamagitan ng sulat sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo matapos ang pasya ng Opisyal ng Pagdinig ay maibigay kung ang apela o pagrepaso ay inisyal na apela sa ilalim ng Seksiyon IV (A) sa itaas o sa loob ng tatlong (3) araw ng kalendaryo kung ang apela o pagrepaso ay isang Abiso sa Pagiging Delinkuwent na apela sa ilalim ng Seksiyon IV (B) sa itaas. Ang apelang pagdinig ay magaganap sa loob ng pitong (7) araw ng kalendaryo sa Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod, maliban kung sumang-ayon ang kostumer at Lungsod sa ibang petsa.

(b) Para sa unang apela sa ilalim ng Seksiyon IV (A) sa itaas, kung hindi napapanahong umapela ng kostumer sa Opisyal sa Pagdinig ng Lungsod, ang mga singil sa tubig na itinatanong ay agad nakatakda at babayaran. Sakaling ang mga singil ay hindi binayaran nang buo sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo matapos ang orihinal na petsa ng pagsingil, bibigyan ng Lungsod ang kostumer ng Abiso sa Pagiging Delinkuwent ayon sa Seksiyon II (B)(2) sa itaas at maaaring magpatuloy sa pagputol ng serbisyo sa pag-aari ng kostumer.

(c) Para sa Overdue na Abisong apela sa ilalim ng Seksiyon IV (B) sa itaas, kung hindi napapanahong umapela ang kostumer sa Opisyal ng Pagdinig, ang serbisyong tubig sa paksa na pag-aari ay maaaring putulin sa nakasulat o teleponong abiso sa kostumer na ibibigay nang hindi bababa sa dalawampu't apat (24) na oras makalipas ang nahuli sa: (i) pagkapaso ng orihinal na animnapung (60) araw sa kalendaryo na panahon ng abiso na naitakda sa Overdue na Abiso o (ii) ang pagkapaso ng panahon ng apela.

3. Kapag humiling ng pangalawang pagdinig sa harap ng Direktot ng Administratibong Serbisyo ng Lungsod, ang paghiling na ito ay gagawin sa pamamagitan ng sulat at ihahatid sa Water Customer Service Division ng Lungsod sa tanggapan ng City Hall. Aatasan ang kostumer na personal na humarap sa Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod at ipakita ang katibayan at mga dahilan kung bakit ang mga singil sa tubig sa tinatanong na singil ay mali. Susuriin ng Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo ng Lupon ang katibayang pinakita ng kostumer, pati na ang impormasyong naksa file sa Lungsod patungkol sa mga singil sa tubig na tinatanong at magpapasya sa pagiging tumpak ng mga nasabing singil.

a) Kung ang Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod ay mali, makakatanggap ang kostumer ng adjustment sa kanilang account para sa mga binagong singil. Kung ang mga binagong singil ay mananatiling hindi bayad nang mahigit sa animnapung (60) araw sa kalendaryo matapos ibigay ang tinamang invoice, ang serbisyong tubig ay puputulin, sa susunod na araw ng trabaho matapos ang pagkapaso ng animnapung (60) araw sa kalendaryong panahon; sa

kundisyon na ang Lungsod ay magbibigay sa kostumer ng Abiso sa Pagiging Delinkuente ayon sa Seksiyon II (B)(2) sa itaas. Ibabalik lang ang serbisyong tubig matapos ang mga umiiral na singil sa tubig at anumang lahat ng angkop na singil sa muling pagkonekta ay binayaran nang buo.

- b) Kung ang mga singil sa tubig na tinatanong ay natukoy na tama, ang mga singil sa tubig ay nakatakda at babayaran sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo matapos ang pagpasya ng Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod. Sakaling ang mga singil ay hindi binayaran nang buo sa loob ng anim-napung (60) araw ng kalendaryo matapos ang orihinal na petsa ng pagsingil, bibigyan ng Lungsod ang kostumer ng Abiso sa Pagiging Delinkuente ayon sa Seksiyon II (B)(2) sa itaas at maaaring magpatuloy sa pagputol ng serbisyo sa pag-aari ng kostumer.
- c) Ang anumang sobrang singil ay makikita bilang kredito sa susunod na regular na singil sa kostumer sa sariling diksresyon ng Lungsod.
- d) Ang serbisyong tubig sa kahit na kaninong kostumer ay hindi madidiskonekta anumang oras kung kailan ang apela ng kostumer sa Lungsod o sa Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod ay nakabinbin.
- e) Ang pasya ng Direktor ng Mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod ay pinal at pinatutupad.

V. Pagbabalik ng Serbisyo: Upang ipagpatuloy ang serbisyo na hininto ng Lungsod dahil sa hindi pagbabayad, ang kostumer ay dapat magbayad ng bayad sa muling pagkakabit na tinaguyod ng Lungsod, sasailalim sa limitasyong tinakda sa Seksiyon II (E)(1) sa itaas. Magsusumikap ang Lungsod na gawin ang nasabing muling pagkonekta sa lalong madaling panahon na magagawa para hindi mahirapan ang kostumer. Gagawin ng Lungsod ang muling pagkonekta nang hindi lalagpas sa katapusan ng susunod na regular na araw ng trabaho kasunod ng paghiling ng kostumer at bayad sa anumang angkop na bayad sa muling pagkonekta.